

# Ang lumalalang kalagayan ng mga manininda sa gitna ng paglawak ng pribatisasyon ng mga pampublikong pamilihan

CWR
Center for Women's Resources
Since 1982

Sa nagdaang "Kalbaryo ng Maralita" noong Semana Santa, inilantad ang hindi natatapos na hirap at pagpapakasakit ng mga mamamayan dahil sa tumitinding krisis pang-ekonomiya at epekto nito lalo na sa kababaihan.

Sa maraming mga maralitang komunidad, isa sa pangunahing pinagkukunan ng kita ng kababaihan ang pagtitinda. Ang mga pampublikong palengke naman ang nagsisilbing sentro ng kultura at pamilihan ng malawak na hanay ng mamamayan dahil sa mas abot-kayang presyo ng mga bilihin kumpara sa naglalakihang malls at tindahan.

Isa sa matinding kalbaryong kanilang kinahaharap ang pagsasapribado ng mga pampublikong pamilihan. Kasapakat ang mga dambuhalang korporasyon tulad ng SM Prime Holdings Inc. (SMPHI), maraming proyektong pribatisasyon ang pinangungunahan ng mga lokal na pamahalaan sa tabing ng modernisasyon, kapalit ang pagkitil sa kabuhayan ng mga manininda.

## Kalbaryo ng mga manininda sa Iloilo




Kilala ang dalawang malalaking palengke sa Iloilo City, ang Iloilo Central Market o "Tienda Mayor" at Iloilo Terminal Market o "Super", dahil sa haba na ng panahon na ito'y sentro ng pamilihan sa lungsod. Unang nagbukas sa mga Ilonggo ang Tienda Mayor noong 1912, habang itinayo noong 2001 ang Super na nagsisilbing bagsakan ng mga paninda sa buong probinsya at rehiyon ng Panay.

Sa kasalukuyan, malaking kalbaryo sa mga manininda at konsyumer ang pagsasapribado ng mga ito. Sa kabila ng mariing pagtutol ng mga manininda dahil sa pagkawala ng kanilang kabuhayan at nakaambang pagtaas ng singil sa renta at iba pang bayarin, ginawaran ng 25-year lease agreement ng lokal na pamahalaan ng Iloilo ang SMPHI noong 2022 para umano sa rehabilitasyon tungo sa mas malinis at organisadong mga pamilihan.

Tinatayang 70% ng mga manininda sa mga nasabing palengke ay kababaihan. Deka-dekada na silang nasa Tienda Mayor at Super—ang kanilang mga pwesto ay minana pa mula sa kanilang mga lolo't lola—at ang kita mula rito ang siyang nakapagpatapos ng pag-aaral ng kanilang mga anak. Ngunit ngayon, hirap na silang kumita ng isang libo kada araw.

Ayon kay Gabriela Women's Partylist (GWP) Rep. Arlene Brosas sa isang privilege speech noong 2023 kaugnay ng pribatisasyon ng mga pampublikong palengke, ito ay "corporate capture" kung saan maiiwan ang mga manininda sa ngalan ng pag-unlad ng iilan.

# Matinding pagkalugi



Kwento ng mga manininda sina Jona, Helen, Lorna, Diding, at May (hindi nila tunay na pangalan), malaki na ang kanilang pagkalugi mula nang sapilitan silang palayasin sa kanilang tindahan. Pinutulan ng kuryente at tubig at kinandado ang mga labasan at pasukan ng palengke, kaya't walang nagawa ang mga manininda kundi lumabas dala ang kanilang mga paninda.

Sapilitan silang pinalipat sa napakaliit na 4 ft. x 8 ft. na espasyong nagsisilbing temporary stalls sa paligid ng mga ginagawang palengke noong 2023. Mula noon, hirap na silang umagapay. Sa tantya, nasa 60%-90% ang nawala sa kanilang dating kita. Si Jona na dating kumikita ng ₱3,000 sa isang araw sa kanyang malaking tindahan ng grocery, nasa ₱200 na lamang ang kita ngayon dahil sa liit ng kanyang pwesto. Si Helen na nagtitinda ng gulay mula 2 am hanggang 5 pm at dating kumikita ng ₱8,000, ngayon ay ₱1,500 na lamang ang kanyang kita. Si Lorna naman na kahit papaano ay kumikita noon ng ₱3,000 kada araw sa pagtitinda rin ng gulay, hirap nang makabenta ng ₱1,000.

Ayon kay Diding na nagtitinda na sa Central Market mula pa noong 1980, masasabing 100% ang nawala sa kanyang kita dahil hindi nabibili at nabubulok ang kanyang mga panindang prutas mula nang malipat sa temporary stall. Dahil dito, nagpasya siyang magtinda ng school supplies dahil malapit ang kanyang temporary stall sa isang unibersidad, ngunit barya-barya na lamang ang kinikita niya mula rito.

Dahil sa layo nila mula sa dating pwesto, sa iba na bumibili ang kanilang mga dating suki. Sa liit ng kita, hindi na ito sapat para sa pang-araw-araw na gastusin ng pamilya gaya ng pagkain, panustos sa edukasyon ng kanilang mga anak, iba pang bayarin sa palengke tulad ng kuryente, tubig, business permit, at maging sa pagbabayad ng utang. Ngunit upang makaagapay, utang din ang kanilang kinakapitan.

# Kawalan ng maayos na konsultasyon

Tinawag nilang "moro-moro public hearing" ang konsultasyon kaugnay ng planong pribatisasyon dahil sa kawalan ng legal at pormal na dialogue kasama ang mga manininda at ang hindi pakikinig ng lokal na pamahalaan. Sa paulit-ulit na pangakong sila'y makakabalik sa dating pwesto, walang mailatag na konkretong plano ang pamunuan. Ani Lorna,

> Ang pangako samin, makakabalik naman daw kami na pareho pa rin ang rental na babayaran, pero hindi namin alam kung kailan kami makakabalik. Ang sabi, December (2024), pero hanggang ngayon walang binibigay na requirements sa amin para makapag-prepare kami. Malay pala namin, P30,000 na ang renta.

Mas masaklap, malabo nang makabalik ang transient vendors. Batay sa datos, sa 1,333 stall owners sa Super, 362 lamang ang mabibigyan ng katiting na espasyo sa loob ng itinatayong palengke, o halos 27% na lamang ng mga manininda. Ang 492 transient vendors, kasama ang natitirang 971 stall owners na hindi na mabibigyan ng pwesto, ang bumubuo sa 1,463 manininda na mawawalan ng kabuhayan.

Nakababahala rin ang mga tangkang pagsupil sa pagtutol ng mga manininda. Babala ng kanilang pamunuan, pawang pagsang-ayon lamang sa proyekto ang dapat sabihin ng mga manininda sa tuwing may panayam, kaya't naroon ang takot ng mga manininda na magsalita at ipaglaban ang kanilang karapatan.



*Center for Women's Resources*

# Mga pangamba at panawagan

Sa napipintong muling pagbubukas ng mga palengke ngayong Mayo, bakas ang matinding pangamba at kawalan ng pag-asa sa mga manininda. Bagama't mariin ang pagtutol, anila, sumasabay na lamang sila sa agos ng kasalukuyan dahil ito lamang ang kanilang kabuhayan. Sa kabila nito, patuloy ang kanilang panawagan na makabalik sa dating pwesto at muling lumakas ang kita.

Para kay Jona:

***Kung makabalik, sana maging maganda pa rin ang benta namin. The same lang ang rental… sana ang LEEO (Local Economic Enterprise Office) pa rin ang mag-manage samin, hindi ang SM.***

Para naman kay Diding, na hanggang ngayon ay mariin pa rin ang pagtutol sa proyekto:

***"Sa totoo, hindi ako pabor. Lahat kami rito ay hindi pabor. Kaya lang sarado ang ano [government], dapat in favor ka lang sa government. Ang hinihiling lang namin, vendors through government, hindi vendors – SM – then government. Ano'ng gagawin namin eh nandito na?"***

**Habang patuloy ang sistematikong pagkakait ng mga batayang karapatan at pangangailangan, ang mga maralita ang pangunahing dumadaing sa samu't saring problema ng bansa gaya ng kawalan ng trabaho, kabuhayan at nakabubuhay na sahod, patuloy na panunupil ng estado, at pribatisasyon ng mga pampublikong serbisyo at pamilihan.**

**Ang ganitong hakbangin sa ngalan ng pag-unlad ay lantarang pag-agaw sa kabuhayan ng mga manininda. Tiyak din ang malaking epekto ng pribatisasyon sa mga magsasaka, mangingisda, at mga prodyuser na nagbabagsak ng kanilang paninda sa mga palengke, gayundin sa mga mamimili. Ito ay dahil sa nakaambang pagtaas ng presyo ng mga bilihin sa gitna ng tumitinding kahirapan at kagutuman sa bansa.**

**Kinakailangan ang patuloy na pagtindig laban sa pribatisasyon at pagkiling sa interes ng mga negosyo. Kinakailangan ding palakasin ang panawagan para sa katiyakan sa kabuhayan at abot-kayang presyo ng mga bilihin para sa mamamayan.**

**Acknowledgement:**
**Women Center Panay and Guimaras**
**Association of Stall Owners and Transient Vendors (ASTRAVEN)**
**Iloilo Terminal Market Vendors Association (ITEMVA)**

**CENTER FOR WOMEN'S RESOURCES**
127-B Scout Fuentebella Street, Barangay Sacred Heart
Quezon City 1103 Philippines
(+632) 7585784 | (+632) 9201373
cwr@centerforwomensresources.org
www.centerforwomensresources.org
/cwr1982 /cwr1982